タガログ語版／Tagalog Edition

# Gifu Prefecture Public Relations
# Balita mula sa Prepektura ng Gifu

**Pebrero, 2019**

**Highlights para sa Buwan Ito**

●Populasyon sa Prepektura

**1,999,368 (nabawasan ng 38)**

Lalaki: 969,631 (nadagdagan ng 113 katao)

Babae: 1,029,737 (nabawasan ng 151 katao)

※Nobyembre 1, 2018 hanggang sa kasalukuyan.

※Ang ( ) ay inihambing sa nakaraang buwan.

Para sa bagong impormasyon, tignan ang homepage ng Gifu Prefectural Statistics Division.

**Facebook「清流の国ぎふ」**

**Kasalukuyang makikita sa Minamo Dayori!!**

岐阜県 ミナモだより hanapin

**Prefectural Government Public Relations TV Program**

**「Gifu Prefecture Government Hotline」- Televise**

**(Palabas) Huwebes 18:53 ~ 18:57**

**(Replay) Martes 21:54 ~ 21:58**

Ang「Balita mula sa Prepektura ng Gifu」ay pinapalabas din sa ***Gifu Chan*** (Channel 8) !



Pindutin ang **"d" button** para makuha ang lokal na impormasyon!

## Pagtanggap ng Gawang art para sa "Art Award IN THE CUBE (AAIC) 2020"





*AAIC2017 Grand Prize*
*Bodega ng Gatas + Coconuts <<cranky wordy things>>*
(Imahe sa loob at labas ng art)

Isagagawa ang Seiryu no Kuni Gifu Art Festival AAIC 2020 upang maipakilala at mai-taguyod ang mga taong puno ng imahinasyon at talento.

Ang tema ay "*Kioku no Yukue (Future of Our Memories)"*. Malayang bigyan ng anumang interpretasyon ang tema at gamitin ang ibinigay na espasyo sa inyo. Inaasahan ang aplikasyon mula sa anumang uri o genre ng art ng sino mang artist.

◆**Petsa ng Pagsusumite:** Enero 25 (Biy.)~ Mayo 13 (Lun.)

◆**Judging Fee:** ¥5,000

◆**Para sa Katanungan :** AAIC Executive Committee Office

☎058-272-8378 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆**Hanaping Salita :** AAIC2020

## 2019 Exhibit "Mundo ng Pansy at Viola"



*Egg Tart Violas*

Ang Hana Festa Commemorative Park nitong tag-lamig ay pinalamutian ng humigit-kumulang 400 uri ng mga pansy at viola. Ito ang pinakamalaki sa loob ng Chubu Region. Tamasahin ang kagandahan ng iba't ibang uri, kulay at anyo ng mga bulaklak na ito.

◆**Petsa :** Pebrero 2 (Sabado) ～ 24 (Linggo)

◆**Lugar :** Flower Festival Commemorative Park (Kani-shi)

◆**Bayad :** Adulto ¥520, Senior HS pababa LIBRE

◆**Para sa Katanungan :** Hana Festa Commemorative Park

☎0574-63-7373 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆**Hanaping Salita:** 花フェスタ記念公園

# Kahon ng Impormasyon

**Impormasyon** **Pautang para sa mga Mag-aaral para maging Certified Care Workers**

Nagaalok ng pautang sa mga mag-eenroll sa training facilities upang makakuha o maging certified care workers.

▲**Paraan ng Aplikasyon :** I-submit ang application form at mga kailangan dokumento ng personal o registered mail

▲**Deadline ng Aplikasyon :** balidong tatak ng koreo ay hanggang Marso 15 (Biyernes) lamang

▲**Para sa Aplikasyon at Katanungan :** Prefectural General Support Center for Welfare Human Resources *(Ken Fukushi Jinzai Sogo Shien Center)*

☎058-273-1111 (ext. : 2553)　(tumutugon sa wikang Hapon lamang)

▲**Hanaping Salita:**　岐阜県介護修学

**Impormasyon** **4th Special Needs Schools Art Exhibit　"human"**

Naka display ang paintings, ceramics, at art na gawa ng mga estudyante ng Special Needs Schools sa Gifu.

▲**Petsa :** Enero 13 (Linggo) hanggang Pebrero 24 (Linggo);　9:00~ 17:00 (hanggang 15:00 sa huling araw)

▲**Lugar :** Gifu Seiryu Bunka Plaza (Gifu-shi)

▲**Bayad :** LIBRE

▲**Para sa mga Katanungan :** Gifu Foundation for Education and Culture

☎ 058-233-5377 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

▲**Hanaping Salita:**　特別支援学校アート展

**Impormasyon** **Pambansang Fire Prevention Awareness Movement ng Tag-sibol**

Pag tag-sibol, ito ang panahon na tuyo ang hanging at madaling magkaroon ng sunog. Mahalagang tignan kung may naka-install na fire alarm sa inyong bahay at suriin ito ng regular. Tiyakin din na walang anumang bagay na masusunog malapit sa mga heater o kalan. Gamitin ang pagkakataong ito upang maisagawa ang pag check upang matiyak ang kaligtasan ninyo at ng buong pamilya.

▲**Petsa :** Marso 1 (Biyernes)~ 7 (Huwebes)

▲**Para sa mga Katanungan :** Fire Services Division

☎ 058-272-1123 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

**Impormasyon** **Panayam sa Pagsuporta sa mga Survivors ng Sexual Violence**

Isasagawa ang panayam na ito upang mas mahusay na maunawaan ang mga isyu na nahaharap ng mga survivors ng sexual violence at isaalang-alang kung paano sila mabibigyan ng suporta.

▲**Petsa :** Marso 1 (Biyernes);　13:30 ~15:30

▲**Lugar :** OKB Fureai Hall (Gifu-shi)

▲**Kapasidad :** 120 katao (first come first served)

▲**Bayad :** LIBRE

▲**Para sa mga Katanungan :** Gifu Crime Victim Support Center

☎ 058-275-3933 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

▲**Hanaping Salita:**　ぎふ性暴力被害者支援センター

**Impormasyon** **Suportang Pananalapi sa Naulilang mga Bata dulot ng Traffic o Kriminal na Insidente**

Mayroong suportang pananalapi na ibinibigay sa mga batang naulila ng mga magulang dulot ng aksidente sa trapiko o mga kriminal na insidente.

▲**Eligible :** Mga batang naninirahan sa Gifu Prefecture mula Mayo 5 na nauilala ng magulang/ tagapag-alaga (taong inaasahan ng bata para sa pang araw-araw na gastos) dahil sa aksidente sa trapiko o kriminal na insidente; at nasa junior high school o mas mababang antas; o nakatala sa paaralan at wala pang 20 taong gulang.

▲**Para sa Aplikasyon :** Division-in-charge sa inyong munisipyo

▲**Para sa mga Katanungan :** Gifu Citizens Support Division

☎ 058-272-8205　(tumutugon sa wikang Hapon lamang)

▲**Hanaping Salita:**　岐阜県　遺児

**Impormasyon** **Bumili ng "Valentine's Jumbo Lottery *(Takarakuji)* Tickets" sa loob ng Prepektura!**

Humigit-kumulang 40% ng nabebentang loterya sa loob ng prepektura ay nagiging kita ng Gifu. Ginagamit ito sa pagtaguyod ng munisipalidad, mga aksyon para sa tumatandang populasyon at bumababang birthrate ng lipunan, atbp. Kung kaya't para sa mga bibili ng loterya, mangyaring tangkilikin at bumili sa mga tindahan sa loob ng Gifu.

▲**Petsa ng Pagbenta :** Enero 30 (Miyerkoles) hanggang Pebrero 22 (Biyernes)

▲**Para sa mga Katanungan :** Finance Division

☎058-272-1130 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

Ito ang kasalukuyang impormasyon mula Disyembre 18, 2018.

Para sa mga katanungan ukol sa pahinang ito, makipag-ugnayan sa Gifu Ken Public Relations Division

☎058-272-1111 (Dir. Lin.) (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-278-2506

Sa pakikipagtulungan ng Gifu International Center http://www.gic.or.jp